CALIFORNIA
DEPARTMENT OF JUSTICE

# Alamin ang Iyong mga Karapatan sa Edukasyon

### Mga Aksyon sa Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon sa mga Paaralang TK–12 sa California

### Gabay para sa mga Estudyante at Pamilya

## May Karapatan ang Anak mo sa Libreng Pampublikong Edukasyon

DISYEMBRE 2025

May karapatan ang lahat ng bata sa pantay na pag-access sa libreng pampublikong edukasyon, anuman ang katayuan nila o ng kanilang mga magulang/guardian sa imigrasyon.

Lahat ng bata sa California:

- May karapatan sa libreng pampublikong edukasyon.
- Kailangang naka-enroll sa paaralan kung sila ay nasa pagitan ng edad na 6 at 18, maliban kung sila ay saklaw ng ibang eksepsyon.
- May karapatang pumasok sa ligtas, tiwasay, at mapayapang mga paaralan.
- May karapatang mapabilang sa isang pampublikong kapaligiran sa pagkatuto na walang diskriminasyon, panliligalig, pambu-bully, karahasan, at pananakot.
- May pantay na pagkakataong makilahok sa anumang programa o aktibidad na inaalok ng paaralan nang walang diskriminasyon.

## Impormasyong Kailangan para sa Pag-enroll sa Paaralan

Kailangang tanggapin ng mga paaralan ang iba't ibang uri ng dokumento mula sa magulang o guardian ng estudyante bilang patunay ng edad o paninirahan ng bata, at hindi kinakailangang magtago ang mga paaralan ng kopya ng dokumentong ginamit bilang patunay ng edad ng bata.

Hindi kailanman kailangan ang impormasyon tungkol sa pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon para sa pag-enroll sa paaralan. Hindi kailanman kailangan ang Social Security number para sa pag-enroll sa paaralan.

## Pagkakumpidensiyal ng Personal na Impormasyon

Pinoprotektahan ng mga batas ng pederal at estado ang mga talaan ng edukasyon ng estudyante at personal na impormasyon. Karaniwang hinihilingan ng mga batas na ito ang mga paaralan na kumuha muna ng nakasulat na pahintulot mula sa mga magulang o guardian bago ilabas ang impormasyon ng estudyante, maliban kung ang paglalabas ng impormasyon ay para sa layuning pang-edukasyon, ito ay pampubliko na, o bilang tugon sa isang utos ng korte o subpoena.

May ilang paaralan na nangongolekta at naglalabas sa publiko ng pangunahing "impormasyon sa directory" ng estudyante. Kung ganito ang ginagawa, kailangang magbigay ang school district sa mga magulang o guardian ng nakasulat na abiso tungkol sa patakaran sa impormasyon sa directory, at bigyan kayo ng opsyon na tumanggi sa paglalabas ng impormasyon ng iyong anak.

## Mga Planong Pangkaligtasan ng Pamilya kung Ikaw ay Makulong o Ma-deport

Puwede mong i-update ang emergency contact information ng anak mo, kabilang ang mga pangalawang contact, upang tukuyin ang isang pinagkakatiwalaang guardian na nasa hustong gulang na puwedeng mag-alaga sa anak mo kung ikaw ay makulong o ma-deport.

Puwede mong punan ang Sinumpaang Salaysay ng Awtorisasyon ng Tagapag-alaga (Caregiver's Authorization Affidavit) o kumonsulta sa legal na tagapayo tungkol sa mga opsyon tulad ng Petisyon para sa Pagtatalaga ng Guardian (Petition for Appointment of Guardian) upang bigyan ang isang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang ng awtoridad na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon at medikal para sa anak mo.

## Karapatang Magsampa ng Reklamo

May karapatan ang anak mo na iulat ang isang hate crime o magsampa ng reklamo sa school district kung siya ay nadiskrimina, hinarass, tinakot, o binully dahil sa aktuwal o pinaniniwalaang nasyonalidad, etnisidad, o katayuan sa imigrasyon.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan para sa pagtugon sa mga aktibidad ng pagpapatupad ng batas sa imigrasyon sa mga paaralan sa California, o upang magsampa ng reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa:*

Bureau of Children's Justice
California Attorney General's Office
P.O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550
Telepono: (800) 952-5225
E-mail: BCJ@doj.ca.gov
https://oag.ca.gov/bcj/complaint

# Checklist para sa mga Estudyanteng Imigrante na Pumapasok sa Pampublikong Paaralan at sa Kanilang Pamilya

## 1. *Hindi mo kailangang ibahagi ang mga sumusunod na impormasyon sa mga opisyal ng paaralan:*

- Hindi mo kailangang ibahagi ang impormasyon, kasama ang pasaporte o visa, tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga estudyante, magulang, guardian, o iba pang miyembro ng pamilya.
- Hindi mo kailangang ibigay ang mga numero ng Social Security (Social Security Number, SSN) o card.
- Kapag pinupunan ang form para sa "Libre at Mas Mababang Presyo ng Pagkain" (Free and Reduced-Price Meals), ibigay lamang ang huling apat na digit ng SSN ng nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan na pumipirma sa aplikasyon.
- Kung ang pamilya ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa kita at walang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan ang may SSN, kwalipikado pa rin ang anak mo. Lagyan ng tsek ang box na "Walang SSN" (No SSN) sa mga form kung saan naaangkop, upang matiyak na kumpleto ang aplikasyon.
- Kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasali sa CalFresh, CalWORKs (Oportunidad sa Trabaho at Responsibilidad para sa mga Bata, California Work Opportunity and Responsibility for Kids), o FDPIR (Programang Pamamahagi ng Pagkain para sa mga Reserbasyon ng Katutubong Amerikano, Food Distribution Program on Indian Reservations), hindi kailangang ibigay ng sinumang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan ang huling apat na digit ng kanilang SSN para maging kwalipikado ang estudyante sa libre o mas mababang presyo ng pagkain sa paaralan.
- Kapag nagbibigay ng impormasyon bilang patunay ng paninirahan o edad ng estudyante, hindi mo kailangang gumamit ng dokumento na puwedeng magbunyag ng impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon.

## 2. *Gumawa ng mga hakbang para protektahan ang impormasyon ng estudyante:*

- Hingin ang nakasulat na patakaran sa privacy ng paaralan tungkol sa impormasyon ng estudyante.
- Suriin ang patakaran ng paaralan para sa "impormasyon sa directory"—na nagpapahintulot sa publiko na makita ang pangunahing impormasyon ng estudyante—at isaalang-alang kung nais mong huwag payagang ilabas ang impormasyon na iyon.

## 3. *Gumawa ng mga hakbang upang maghanda para sa mga sitwasyon kung saan ang isa o higit pang magulang o guardian ay makulong o ma-deport:*

- Bumuo at itago sa ligtas na lugar ang isang "Planong Pangkaligtasan ng Pamilya" (halimbawa: Sunud-sunod na Plano ng Paghahanda ng Pamilya / Plan de Preparación Familiar: (Guía Completa) | Immigrant Legal Resource Center | ILRC) na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:
- Pangalan ng pinagkakatiwalaang guardian na nasa hustong gulang na puwedeng mag-alaga sa anak mo kung walang magulang o guardian na makakagawa nito.
- Mga numero ng teleponong pang-emergency at tagubilin kung saan matatagpuan ang mahahalagang dokumento (birth certificate, pasaporte, Social Security card, impormasyon ng doktor, atbp.).
- Tiyakin na laging may kasalukuyang impormasyon sa emergency contact ang paaralan ng anak mo, kabilang ang alternatibong contact kung walang magulang o guardian na available.
- Talakayin sa mga miyembro ng pamilya kung dapat bang punan ang isang "sinumpaang salaysay ng awtorisasyon ng tagapag-alaga" upang pahintulutan ang isang kamag-anak na i-enroll ang menor de edad na estudyante at magbigay ng pahintulot para sa medikal na pangangalaga na may kaugnayan sa paaralan sa ngalan ng menor de edad. Tandaan na ayon sa bagong batas na epektibo simula Enero 1, 2026, nasa hustong gulang ang kamag-anak na may kaugnayan sa bata sa pamamagitan ng dugo, pag-aampon, o affinity sa loob ng ikalimang degree ng pagiging kamag-anak, kabilang ang lahat ng stepparent, stepsibling, at lahat ng kamag-anak na may katayuan na sinimulan ng mga salitang "great," "great-great," o "grand," pati na rin ang mga asawa ng sinumang nabanggit.

# Mga Mapagkukunan

Ang mga sumusunod na mapagkukunan ay available para sa mga pamilyang imigrante na tumutugon sa mga detensyon o deportasyon:

- Detainee locator ng Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon at Customs (Immigration and Customs Enforcement, ICE) https://locator.ice.gov/odls/homePage.do. **Pakitandaan:** Ang site na ito ay para lamang sa paghahanap ng mga indibidwal na kasalukuyang nakakulong, at hindi para sa pangkalahatang pagtatanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon.
- Mga pribadong abogado sa imigrasyon, akreditadong kinatawan (na tumutulong sa mga imigrante sa mga paglilitis ukol sa imigrasyon), o mga organisasyong nagbibigay ng legal na tulong:
    - Paghahanap ng Abogado sa Lupon ng mga Abogado ng Estado ng California: http://www.calbar.ca.gov/Attorneys
    - Mga organisasyon sa California na akreditado ng Lupon ng Apela sa Imigrasyon (Board of Immigration Appeals, BIA) upang kumatawan sa mga imigrante sa harap ng Kagawaran ng Pambansang Seguridad (Department of Homeland Security, DHS) at Pangasiwaang Tanggapan ng Pagsusuri sa Imigrasyon (Executive Office of Immigration Review, EOIR): Talaan ng Kinilalang Organisasyon at Akreditadong Kinatawan ayon sa Estado at Lungsod.
    - Mga Self-Help Center ng Hukuman ng California Hanapin ang Iyong Self-Help Center | Mga Hukuman ng California | Gabay sa Pagtulong sa Sarili.
    - Mga opisina ng legal na tulong at serbisyo para sa referral sa abogado: http://www.courts.ca.gov/getting-legal-help.
    - Ang konsulado o embahada ng bansa ng pinagmulan ng magulang o guardian.